Maikling Kasaysayan Ng Simbahang Maronite (MARONITE CHURCH)

Ang Simbahang Maronite (Maronite Church) ay isang Simbahan ng Silangan na ganap na nakaugnay sa Simbahan ng Roma (na pinamumunuan ng Santo Papa). Isa sa mga natatanging katangian ng Simbahang Maronite ay ang pinagmulan at pag-unlad nito ay malapit na kaakibat ng buhay monastiko sa rehiyon.

Dahil dito, sa pagpapakila sa Simbahang Maronite, kailangang magsimula sa pagbanggit kay San Maron (o San Maroun) ang santong pinagkunan ng pangalan ng simbahang ito. Si San Maron ay isang ermitanyong Syriac-Christian noong ika-4 na siglo na ang buhay at halimbawa ay nagsilbing inspirasyon sa maraming mga tagasunod at sa isang kilusang monastiko. Ang kilusang ito ang naging sentro ng pag-usbong ng Simbahang Maronite at ang Simbahang Maronite ay laging nanatiling malapit sa kanyang mga monghe, madre, at ermitanyo.

Ang mga Maronites (tawag sa mga kasapi ng Simbahan) ay pinangungunahan ngayon ni Patriarka Bechara Boutros Al-Rahi (Nahalal noong 2011), na ang tanggapang-Patriarkal ay nasa Bkerke, isang nayon sa hilaga ng Beirut, Lebanon. Ang Simbahang Maronite ay kilala sa opisyal na pangalang Simbahang Syrian Maronite ng Antioquia ("Syriac Maronite Church of Antioch"). Ang pangalang ito ay nagpapakilala ng pamanang-liturhikal (Syriac) at ng kaugnayan sa sinaunang sentrong Kristiyano sa Antioquia kung saan si San Pedro ang unang Obispo bago ito nagtungo sa Roma. Ang lengguaheng Syriac-Aramaic na siyang salita ng mga sinaunang Kristiyano ang nananatiling pangunahing wika ng Simbahang Maronite ngayon.

Ang pagkakatatag ng Simbahang Maronite ay dahil sa tatlong makasaysayang kaganapan, ayon kay Chorbishop Seely Beggiani sa kanyang aklat "Aspects of Maronite History": ang buhay at mga gawain ni San Maron, ang pagkakatatag ng Monasteryo ng Bet Maroun ("the House of Maron"), at ang pagsasaayos ng Patriarkato ng Maronite. Ang mga kaganapang ito ang siyang humubog sa katangian ng Simbahang ito sa pagdaan ng maraming siglo.[1]

San Maron

Isinilang si San Maron noong taong 350 malapit sa Apamea, sa lungsod ng Syria[2], isang rehiyon ng Byzantine Empire. Nabuhay siyang simpleng pari, subalit paglaon ay nagpasyang lisanin ang mundo at hanapin ang pag-iisa at buhay sakripisyo sa itaas ng bundok Nabo, malapit sa Antioquia. Matinding sakripisyo ang isinabuhay ni San Maron sa

[1] Chorbishop Seely Beggiani, Aspects of Maronite History, pp. 1-7.

[2] Fr. John H. Nahal, "History of the Maronites," pp.9-10.

pamumuhay na walang bubong, malayo sa pisikal at materyal na mundo samantalang may malalim na buhay-espirituwal. Kaunti ang alam sa buhay ni San Maron subalit naging tanyag siya sa kanyang mga pagpapagaling at mga himala. Nakaakit siya ng mga tagasunod na nagsulong ng kanyang misyon na may masidhing debosyon matapos ang kanyang kamatayan. Ang kanilang mga pagpapagal ang nagbunga ng maraming pagsapi sa Kristiyanismo sa Syria. Nang ika-5 siglo, ang mga pagsapi sa Simbahan ay umabot sa katabing Lebanon kung saan maraming mga templong pagano ang naging mga simbahan at ang gawain ng pagpapahayag ng Mabuting Balita ay nagpatuloy.[3]

Ang Monasteryo ni Bet Maroun

Matapos ang kamatayan ni San Maron, marami sa kanyang mga tagasunod, sa tulong ni Papa Leo, ang Dakila at ni Theodoret, Obispo ng Cyr (466), ay nagtatag ng monasteryong tinawag na Monasteryo ni Bet Maroun sa lambak ng Ilog Orontes. Umunlad ang monasteryo at naging isang buhay na sentro ng relihyon. Sa ika-5 siglo, habang ang karamihan sa mga Kristiyanong Syriac ng Kanlungan ay tumanggi sa pasya ang Konseho ng Calcedonia, ang monasteryo ni Bet Maroun ang nanguna sa pangangaral ng tunay na doktrina at pagtatanggol sa aral ng Konseho.[4] Noong ika-6 na siglo, ang mga monghe ni San Maron sa Syria ay nagdanas ng matinding karahasan at pag-uusig gawa ng mga Monophysites (mga erehe na siyang nilabanan ng Konseho ng Calcedonia)[5]. Pinaslang ang 350 ng mga monghe at maraming mga monasteryo ang sinunog dahil sa pagtatanggol sa tunay na pananampalataya.[6]

Ang Patriarkatong Maronite

Nang magsimula ang paglaganap ng Islam sa buong rehiyon kasabay ng pagsakop ng mga Muslim noong ika-7 siglo, nawalan ng ugnayan ang mga Kristiyano sa Constantinople at hinarap nila ang mga banta at pagtuligsa mula sa maraming grupong relihyoso sa rehiyon. Inihalal ng pamayanang Maronite si John Maron, isang obipong may kaugnayan sa monasteryo ng Bet Maroun, bilang Patriarka ng Antioquia at ng buong Silangan. Sa kapahintulatan ni Papa Sergio I, si Patriarka John Maron ang naging unang Patriarkang Maronite sa isa sa pinakamatandang Simbahan sa Kristiyanismo, ang Simbahan ng Antioquia. Idinestino sa Mount Lebanon, ang misyon ng Patriarka ay labanan ang mga eresiya o maling aral at suportahan ang mga mananampalataya sa mga lugar na nasakop

---

[3] Fady T. Keyrouz, Identity from History, pp. 59-61

[4] See Nahal, pp. 14-16.

[5] See Keyrouz, p. 55.

[6] For more information see Beggiani, pp. 7, 8-9 and Keyrouz, pp. 65-66.

ng Islam, at panatiliin ang mga Maronite na nakaugnay sa Roma. Si Patriarka John Maron ay kapwa lider pangsimbahan at sibil na nagsaayos ng Simbahang Maronite bilang isang pulitikal, nasyonal, at militar na grupo na magiging sikreto sa likod ng kakayahan ng pinag-uusig na simbahan na manatiling may karapatan at may sariling kalayaan.[7]

Ang Pinag-uusig na Simbahan

Bahagi na ng kasaysayan ng mga Maronite ang harapin ang maraming hamon upang ipagtanggol at panatiliin ang kanilang pagkakilanlan at pamana. Nagdusa sila sa maraming pagtatangka at panggigipit upang baguhin ang kanilang mga kaugalian at kilos liturhikal. Inusig sila sa pagdaan ng mga panahon, una ng mas nakararaming mga tagasunod ng doktrinang Monophysite, pagkatapos, ng mga Muslim mula sa Gitnang Silangan, at panghuli, ng Ottoman Empire. Dumanas sila ng gutom at pagkamatay sa gutom sa kamay ng mga Ottoman na nais puksain ang mga Kristiyano sa Mount Lebanon. Namatay noon ang 200,000 katao. Sa pagsalakay naman ng mga Druze (isa pang grupong relihyoso sa Levant) noong 1860, 1,500 na Maronite ang namatay din. Noong Lebanese War (1975-1993), daan-libong Maronite din ang itinaboy at nawalan ng tahanan at lupain.

Ang mga Maronite Ngayon

Dahil sa pangingibang-bansa noong ika-19 na siglo, maraming Maronite ang nakatira ngayon sa labas ng Lebanon. Ayon sa talaan mula 2011 na kinalap mula sa mga parokyang Maronite, halos 2 milyong Katolikong Maronite ang namumuhay at sumasamba bilang mga Maronite sa pandaigdigang Lebanese diaspora sa Europa, America, Australia at Africa. May halos 1 milyong Maronite na nakatira sa Lebanon, 52,000 sa Syria, 10,000 sa Cyprus, at 15,000 sa Holy Land, Jordan at Ehipto. Idagdag pa dito ang halos 5 milyong Maronite sa labas ng Lebanon na sumasamba sa mga simbahang Latin o Romano Katoliko.[8]

Kaugnayan sa Romano Katoliko o Simbahang Latin

Dapat tandaang ang mahabang panahon ng ugnayan ng Maronite sa Roma ay nagdulot ng pagpapakilala ng ilang kaugaliang Latin o Romano sa SImbahang Maronite, tulad ng Rosaryo, paggamit ng mga imaheng estatua, at mga debosyon tulad ng sa Immaculada Concepcion.[9] Simula noong Vatican II, at higit sa lahat, sa panahon ni Santo Papa Juan Pablo II, nagsimulang tuklasin muli ang mga mahalagang tradisyong Maronite na nalambungan ng mga kaugaliang Latin o Romano. Ang malapit na ugnayang ito ang

---

[7] Keyrouz, pp.72-78. See also: https://catholicsaints.info/saint-john-maron/

[8] See: https://www.maronite-heritage.com/Statistics.php

[9] Basahin sa Biggiani, p. 12.

paliwanag kung bakit maraming mga Maronite ang hindi naman mga taga-Gitnang Silangan. Ang mga Maronite ay simbahang bukas at mapagpaunlak sa lahat sa pagbabahagi ng pag-ibig ni Kristo.